

LUNGSOD NG MOUNTAIN VIEW

PAGPUTOL NG PANGRESIDENSYAL NA SERBISYO SA TUBIG
PATAKARAN PARA SA HINDI PAGBABAYAD

1. **Layunin:** Binuo ang patakarang ito para sumunod sa Senate Bill 998 (SB 998), na kilala bilang “Water Shutoff Protection Act” at inaprubahan ito ng Gobernador noong Setyembre 28, 2018 (Mga Seksyon ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan sa California 116900, *at ang mga kasunod nito*). Hindi nalalapat ang patakarang ito sa mga customer na gumagamit ng hindi pangresidensyal na serbisyo sa tubig. Gagawing available ang patakarang ito sa website ng Lungsod ng Mountain View.
2. **Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:** Maaaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng Pagsingil ng Serbisyo (Utility Billing) ng Lungsod sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa 650-903-6317 (o sa pamamagitan ng pagpapadala ng e-mail sa RevenueStaff@mountainview.gov) para talakayin ang mga opsyon para sa pag-iwas sa pagwawakas ng pangresidensyal na serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng patakarang ito.
3. **Mga Nakalathalang Wika:** Gagawing available at ilalathala ang patakarang ito at ang mga nakasulat na abisong kinakailangan sa patakarang ito sa English, sa mga wikang nakalista sa Seksyon 1632 ng Kodigo Sibil, na kinabibilangan ng Spanish, Chinese, Tagalog, Vietnamese, at Korean, at anupamang wikang sinasalita ng hindi bababa sa 10 porsyento ng mga taong naninirahan sa lugar ng serbisyo sa tubig ng Lungsod.
4. **Mga Kinakailangan Bago Putulin ang Pangresidensyal na Serbisyo sa Tubig**
 - A. Hindi puputulin ng Lungsod ang pangresidensyal na serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad maliban na lang kung mahigit sa 60 araw nang hindi nakakapagbayad ang account ng customer. Sa loob ng hindi bababa sa pitong araw ng negosyo bago ang pagputol ng pangresidensyal na serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad, sisikapin ng Lungsod na makipag-ugnayan sa customer na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o nakasulat na abiso.
 - B. Kapag nakipag-ugnayan ang Lungsod sa customer na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono alinsunod sa kasunod na talata (A), mag-aalok ang kawani na ibigay ang patakarang ito sa customer sa pamamagitan ng sulat. Mag-aalok ang kawani ng Lungsod na talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagputol ng serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad, kabilang ang, ngunit limitado sa, mga alternatibong iskedyul ng

pagbabayad, mga pagpapaliban sa pagbabayad, mga minimum na pagbabayad, mga pamamaraan para sa paghiling na bayaran ang mga balanse nang hulugan, at pagpetisyon para sa pagsusuri at pag-apela ng bayarin.

- C. Kapag nakipag-ugnayan ang Lungsod sa customer na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng nakasulat na abiso alinsunod sa kasunod na talata (A), ihahatid sa nakatalang address ng customer ang nakasulat na abiso kaugnay ng hindi pagbabayad at nalalapit na pagputol. Kung ang address ng customer ay iba sa address ng ari-arian kung saan ibinibigay ang pangresidensyal na serbisyo sa tubig, ipapadala rin ang abiso sa address ng ari-arian kung saan ibinibigay ang pangresidensyal na serbisyo sa tubig, na nakalaan sa "Naninirahan." Kabilang sa abiso ang, ngunit hindi limitado sa, lahat ng sumusunod na impormasyon sa isang malinaw at nababasang format:
- 1) Ang pangalan at address ng customer.
 - 2) Ang halagang hindi pa nababayaran.
 - 3) Ang petsa kung kailan kinakailangan ang bayad o kasunduan para sa pagbabayad para maiwasan ang pagputol ng pangresidensyal na serbisyo sa tubig, at ito ay sa loob ng 60 araw mula sa petsa kung kailan hindi nabayaran ang bayarin maliban na lang kung mapalawig ito ayon sa pagpapasya ng Tagapangasiwa ng Mga Pampinansyal at Administratibong Serbisyo o ng itinalagang tao para dito.
 - 4) Paglalarawan ng proseso ng pag-apply para sa pagpapalawig ng panahon para bayaran ang mga hindi pa nababayarang singilin.
 - 5) Paglalarawan ng pamamaraan ng pagpetisyon para sa pagsusuri at pag-apela ng bayarin.
 - 6) Paglalarawan ng pamamaraan kung paano makakahiling ang customer ng pinagpaliban, binawasan, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kasama ang pagbabayad nang hulugan para sa mga hindi pa nababayarang singilin para sa pangresidensyal na serbisyo sa tubig.
 - 7) Ang numero ng telepono ng Lungsod at ang link sa web sa nakasulat na patakaran ng Lungsod.

5. Mga Kinakailangan Para sa Patas na Pagbibigay ng Abiso

- A. Kung hindi matawagan ng Lungsod ang customer o ang isang indibidwal na nasa hustong gulang na naninirahan sa lugar, at ibinalik ang nakasulat na abiso sa koreo bilang mensaheng hindi maihatid, sisikapin ng Lungsod na mabisita ang tirahan at mag-iwan ng, o gumawa ng iba pang paraan para mailagay sa isang kapansin-pansing lugar ang, isang abiso kaugnay ng nalalapit na pagputol ng pangresidensyal na serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad at ng patakaran ng Lungsod para sa pagputol ng pangresidensyal na serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad.
- B. Kung gusto ng customer na humiling ng pagsusuri o pag-apela ng kanyang bayarin, dapat siyang makipag-ugnayan sa Lungsod bago ang nakatakdang petsa ng pagbabayad at magsisiyasat ang Lungsod. Kung hindi magreresulta ang pagsisiyasat sa isang pasyang katanggap-tanggap para sa customer, maaaring humiling ang customer ng pagsusuri mula sa Tagapangasiwa ng Mga Pampinansyal at Administratibong Serbisyo at pagkatapos ay maaari siyang umapela sa Tagapamahala ng Lungsod. Hindi puputulin ng Lungsod ang pangresidensyal na serbisyo sa tubig habang nakabinbin ang apela.

6. Pagbabawal Laban sa Pagputol ng Pangresidensyal na Serbisyo sa Tubig

- A. Hindi puputulin ng Lungsod ang pangresidensyal na serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad kung matutugunan ang lahat ng sumusunod na kundisyon:
 - 1) Ang customer, o ang nangungupahan sa customer, ay magsusumite sa Lungsod ng sertipikasyon mula sa provider ng pangunahing pangangalaga, gaya ng paglalarawan sa tuntuning iyon sa kasunod na talata (A) ng talata (1) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 14088 ng Kodigo ng Kapakanan at Mga Institusyon, na ang pagputol ng pangresidensyal na serbisyo sa tubig ay maaaring maging banta sa buhay ng, o maaaring magdulot ng matinding panganib sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente sa lugar kung saan ibinibigay ang pangresidensyal na serbisyo sa tubig.
 - 2) Ipinapakita ng customer na wala siyang pinansyal na kakayahan para bayaran ang pangresidensyal na serbisyo sa tubig sa loob ng karaniwang yugto ng pagsingil ng Lungsod. Ituturing na walang pinansyal na kakayahan ang customer na magbayad ng pangresidensyal na serbisyo sa tubig sa loob ng karaniwang yugto ng pagsingil ng Lungsod kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o Espesyal na Karagdagang Programa sa Nutrisyon

sa California para sa Mga Kababaihan, Sanggol, at Bata, o idinedeklara ng customer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng Pederal na antas ng kahirapan.

- 3) Handa ang customer na pumasok sa isang kasunduan sa pagbabayad nang hulugan, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang plano para sa pinagpaliban o binawasang pagbabayad hinggil sa lahat ng hindi pa nababayarang singilin.
- B. Kung matutugunan ang lahat ng kundisyong nakalista sa itaas sa subsection A, iaalok ng Lungsod sa customer ang isa o higit pa sa mga sumusunod na opsyon ayon sa pagpili ng Lungsod:
- 1) Pagbabayad nang hulugan para sa hindi pa nababayarang balanse.
 - 2) Paglahok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad.
 - 3) Bahagya o buong pagbabawas ng hindi pa nababayarang balanseng tutustusan nang walang karagdagang pagsingil sa iba pang nagbabayad ng rate.
 - 4) Pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad.
- C. Pinapahintulutan ang Tagapangasiwa ng Mga Pampinansyal at Administratibong Serbisyo o ang itinalagang indibidwal para dito na tukuyin kung alin sa mga opsyon sa pagbabayad na inilalarawan sa talata 6.B. ang isasagawa ng customer at maaari niyang itakda ang mga sukatan ng opsyon sa pagbabayad na iyon sa ilalim ng kundisyong dapat na mabayaran ang anumang natitirang balanse sa loob ng 12 buwan, at bukod pa rito, aaprubahan lang ng Tagapangasiwa ng Mga Pampinansyal at Administratibong Serbisyo ang bahagya o buong pagbabawas ng hindi pa nababayarang balanse kung matutustusan ang pagbabawas na iyon gamit ang iba pang kitang inaprubahan at inilipat ng Konseho ng Lungsod sa badyet ng Pondo ng Kumpanya ng Tubig (Water Enterprise Fund) na tahasang para sa layunin ng pagpayag sa mga ganitong pagbabawas.
- D. Maaari lamang putulin ang pangresidensyal na serbisyo sa tubig pagkalipas ng limang araw ng negosyo matapos ipaskil ng Lungsod ang huling abiso ng layuning putulin ang serbisyo sa isang nakalantad at kapansin-pansing lokasyon sa ari-arian sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na sitwasyon:
- 1) Hindi nasunod ng customer ang isang kasunduan sa pagbabayad nang hulugan, isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang

pagpapaliban o pagbabawas sa plano ng pagbabayad para sa mga hindi pa nababayaranang singilin sa loob ng 60 araw o higit pa.

- 2) Hindi nabayaran ng customer ang kanyang mga kasalukuyang singilin para sa pangresidensyal na serbisyo sa tubig sa loob ng 60 araw o higit pa habang napapailalim sa isang kasunduan sa pagbabayad nang hulugan, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o pagpapaliban o pagbabawas sa plano ng pagbabayad para sa mga hindi pa nababayaranang singilin.

7. Pagbabalik ng Serbisyo sa Tubig

A. Kung puputulin ng Lungsod ang pangresidensyal na serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad, bibigyan nito ang customer ng impormasyon tungkol sa kung paano maibabalik ang pangresidensyal na serbisyo sa tubig. Para sa isang residensyal na customer na magpapakita sa Lungsod na mas mababa ang kita ng kanyang sambahayan kaysa sa 200 porsyento ng Pederal na linya ng kahirapan, gagawin ng Lungsod ang dalawang sumusunod na pahayag:

- 1) Magtatakda ng singil para sa pagbabalik ng serbisyo para sa muling pagpapakabit kapag karaniwang oras ng trabaho sa halagang hindi lalampas sa limampung dolyar (\$50), o ang mismong halaga ng muling pagpapakabit kung mas mababa ito. Para sa muling pagpapakabit ng pangresidensyal na serbisyo sa tubig kapag hindi oras ng trabaho, magtatakda ang Lungsod ng singil para sa pagbabalik ng serbisyo na hindi lalampas sa isang daan at limampung dolyar (\$150), o ang mismong halaga ng muling pagpapakabit kapag hindi oras ng trabaho kung mas mababa ito. Mapapailalim ang maximum na halagang \$50 para sa muling pagpapakabit kapag oras ng trabaho at \$150 kapag hindi oras ng trabaho sa isang taunang pagsasaayos para sa mga pagbabago sa Consumer Price Index simula sa Hulyo 1, 2021. Gagamitin ng Lungsod ang Consumer Price Index—Sa Lahat ng Consumer sa Lungsod sa San Francisco Bay Area gaya ng iniulat sa loob ng 12 buwan mula Pebrero noong nakaraang taon hanggang sa Pebrero ng kasalukuyang taon para sa pagtukoy sa pagtaas sa Consumer Price Index.
- 2) Isasantabi ang mga singilin sa interes sa mga hindi pa nababayaranang bayarin nang isang beses tuwing 12 buwan.

B. Ituturing ng Lungsod ang isang residensyal na customer na may kita ng sambahayang mas mababa sa 200 porsyento ng Pederal na linya ng kahirapan kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang

tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o Espesyal na Karagdagang Programa sa Nutrisyon sa California para sa Mga Kababaihan, Sanggol, at Bata, o idinedeklara ng customer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng Pederal na antas ng kahirapan.

8. Mga Serbisyong Kinasasangkutan ng Mga Ugnayan sa Pagitan ng Nagpapaupa-Umuupa

- A. Kung magbibigay ang Lungsod ng pangresidensyal na serbisyo sa tubig na may magkakahiwalay na metro sa mga naninirahan sa isang hiwa-hiwalay na pang-isang pamilyang bahay, isang pangresidensyal na istrukturang binubuo ng maraming unit, at mobile home, at ang may-ari, tagapangasiwa, o nagpapatakbo ng bahay, istruktura, o parke ay ang customer sa talaan, sisikapin ng Lungsod na ipaalam sa mga naninirahan na wawakasan na ang serbisyo dahil sa mga pagkakautang ng account, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso sa loob ng hindi bababa sa 10 araw bago ang pagwawakas. Dagdag pa rito, ipapaalam din ng nakasulat na abiso sa mga naninirahan na may karapatan silang maging customer, at sila na ang sisingilin para sa serbisyo, nang hindi sila inaatasang magbayad ng anumang halagang sinisingil sa hindi pa nakakapagbayad na account.
- B. Hindi ipagkakaloob ng Lungsod ang serbisyo sa mga naninirahan maliban na lang kung sasang-ayon ang bawat naninirahan sa mga tuntunin at kundisyon ng serbisyo at matutugunan nila ang mga kinakailangan ng batas at mga ordinansa, resolusyon, panuntunan, at regulasyon ng Lungsod. Gayunpaman, kung papayag at may kakayahan ang isa o higit pa sa mga naninirahan na panagutan ang mga kasunod na singilin sa account na makakaabot sa pamantayan ng Lungsod, gagawing available ng Lungsod ang serbisyo para sa mga naninirahang iyon na pinaniniwalaan nitong makakatugon sa mga tuntunin at kundisyon ng serbisyo.

9. Mga Kinakailangan sa Pag-uulat

Taunang iuulat ng Lungsod ang bilang ng mga pagputol ng pangresidensyal na serbisyo dahil sa kawalan ng kakayahang makapagbayad sa kanilang website at sa Lupon ng Pagkontrol sa Mga Mapagkukunan ng Tubig ng Estado (State Water Resources Control Board).

10. **Mga Limitasyon ng Patakarang Ito**

Walang anuman sa patakarang ito ang naghihigpit, naglilimita, o kung hindi man, ay humahadlang sa kakayahan ng Lungsod na wakasan ang serbisyo sa isang customer para sa mga dahilang bukod pa sa mga tahasang inihayag sa patakarang ito, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga hindi pinapahintulutang pagkilos ng customer.